ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# KAMALAYAN NG MGA MAG-AARAL SA PANITIKANG PANREHIYON AT BATAYAN SA PAGBUO NG PANTULONG NA BABASAHING-PANSANAY SA FILIPINO

**Elenita M. Castro[1], Josephine B. Baguio[2]**
[1] *Student, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*
[2] *Faculty, Graduate School, The Rizal Memorial Colleges, Inc., Davao City, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra22969**
**DOI No: 10.36713/epra22969**

## ABSTRAK

*Isinakatuparan ang pag-aaral na ito upang matukoy kamalayan ng mga mag-aaral sa panitikang panrehiyon at batayan sa pagbuo ng pantulong na babasahin pangsanay sa Filipino 7 sa distrito ng bayan ng Caraga, sa Dibisyon ng Davao Oriental. Ang mga kalahok ay ang mga mag-aaral ng ika-7 baitang Batay sa mga suliranin, natuklasan na nasa katamtamang antas ang kamalayan ng mga kalahok sa panitikang panrehiyon. Ang pag-unawang literal ay nagkamit ng mean rating na katumbas sa katamtaman. Ang interpretasyon ay nagtamo ng mean na nasa katamtaman. Ang mapanuring pagbasa ay nagtamo ng mean rating na katumbas sa katamtaman. Ang aplikasyon sa binasa o paglalapat ay nagtamo ng mean rating na katamtaman. Batay sa kinalabasan ng pananaliksik ang mga salik sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon na may impluwensiya sa pagpapa-angat sa kamalayan ng mga mag-aaral ay ang sumusunod: maunlad na kasanayan sa pagbasa, sapat na kagamitang pampagtuturo at pagpapahalaga sa aralin. Inirerekumenda ang sumusunod na dapat isaalang-alang ng mga kinauukulan ng mga kinauukulan ang palawakin ang gamit ng Filipino sa pamamagitan ng masinsinang pagtututro nito lalo na sa asignaturang Filipino sa ika-7 baitang.*

**MGA SUSING SALITA**: *Kamalayan ng mga Mag-aaral, Panitikang Panrehiyon, Batayan sa Pagbuo ng Pantulong, Babasahing-Pansanay sa Filipino*

## INTRODUKSYON

Ang panitikan ay mga panulat na nagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, kaisipan, o kwento ng isang tao. Ito ay maaring batay sa katotohanan o gawa-gawa lamang para sa isang layunin. Ang dalawang uri ng panitikan ay piksyo at di-piksyon. Ang piksyon ay sumasaklaw sa mga uri ng panulit na walang katotohanan, kathang isip, o gawa-gawa lang. Taliwas sa piksyon ay ang di-piksyon, ang uri ng panitikan o mga panulat na nagsasaad ng totoong kwento. Ang panitikan ay isang minanang hiyas ng nakalipas mga kalinangan na nagsisilbing tulay ng iba't ibang kultura ng bawat bansa upang magkaunawaan at manirahan sa isang mundong umaawit ng himig ng kapayapaan at pagkakaisa. Sa mga masining na pahayag nadarama ang awit ng bayan ng mga tinalikdang panahon at ng kasalukuyan.

Ayon kay Azarias (2019) ang panitikan ay mga panulat na nagpapahayag ng mga karanasan, damdamin, kaisipan, o kwento ng isang tao. Ito ay maaring batay sa katotohanan o gawa-gawa lamang para sa isang layunin. Ang dalawang uri ng panitikan ay piksyo at di-piksyon. Ang piksyon ay sumasaklaw sa mga uri ng panulit na walang katotohanan, kathang isip, o gawa-gawa lang.

Sa bansang Tanzania inilalahad ni Kuelen (2020), na kilala ang bansa sa pagkakaroon ng maunlad na mga panitikang panrehiyon ngunit marami sa mga pantikang bayang ito ang hindi naisalin sa kabataan. Dahil ditto, minarapat ng ministri ng pagtuturong pambayan na mailakip ito sa kurikulum at maging bahagi ng pag-aaral ng mga estudyante sa kanilang bansa. Naniniwala ang mga taga- akademya na sa pamamagitan nito ay nabibigyan ng pagkakataon ang panitikang bayan na maging bahagi sa buhay ng kabataan. Layunin ng kanilang sistemang pang-edukasyon na maiangat ng mga estudyante ang kanilang kamalayan sa panitikang nagbubuhat sa kanilang lalawigan upang lalo nilang mapahalagahan ang kanilang sariling pinagmulan.

Sa Pilipinas, sa pagbabagong nagaganap sa kurikulum, nakapokus sa ikapitong balitang ang pagtuturo ng akdang pampanitikang mula sa mga rehiyon (Mindanao, kabisayaan at Luzon 2021). Kabilang sa pinag-aaralang mga genre ay alamat, mito, bugtong, palaisipan, tulang panudyo o tugmang de gulong, maikling kuwento at sanaysay. Nababalangkas sa pagtuturo ang layuning mapayabong ang kamalayan ng kamalayan ng mga estudyante sa panitikang panrehiyon upang mapahalagahan at matamo ang inaasahang kompetensi.

Sa lungsod ng Caraga, Dibisyon ng Davao Oriental, Hinahangad din ng kurikulum na ipadama sa kabataang Pilipino ang kagandahan at kayamanan ng isip na natatago sa mga matanda at makabagong salaysay at matutuhan nilang kalugdan ang kahalagahan, saloobin at mga gawain ng kaniyang mga ninuno at antigin ang natatago nilang kakayahan sa paglikha ng iba't ibang anyo ng panitikan sa pagpapahatid mensahe (Pineda, 2020).

Sa katulad ding plataporma, sinabi ni Cruz (2020) na suliranin sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon ang paglalapat ng sariling karanasan sa mga akda dahil malamin na kamalayan ng mga estudyante ukol dito. Kung kaya mababa ang antas ng pag-unawa ng mga estudyante sa kanilang akdang binasa at pagnamnam sa mga talinong mapupulot sa likod ng mga taludtod at talata. Kanilang klase sa panitikan. Apektado ang kanilang malalim na pag-aaral ng panitikan dahil may kababaan ang kanilang mga natamong iskor sa mga ginagawang pagtaya ng mga guro.

Dahil sa mga nabanggit na suliranin, minarapat ng mananaliksik na magsagawa ng pag-aaral hinggil sa antas ng kamalayan ng mga estudyante sa mga panitikang panrehiyon. Mula sa mga datos na nalikom, bumuo ang mananaliksik ng mga pantulong na babasahing pagsasanay para Filipino 7.

**Paglalahad ng Suliranin**

Isinakatuparan ang pag-aaral na ito upang matukoy ang kamalayan ng mga kalahok sa panitikang panrehiyon. Sa kalalabasan ng pag-aaral, bubuo ang mananaliksik ng babasahing-pansanay sa Filipino 7 sa Lungsod ng Caraga, Sangay ng mga Paaralang Dibisyon ng Davao Oriental. Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral ang sumusunod:

1. Ano ang antas ng kamalayan sa panitikang panrehiyon ng estudyante sa baitang 8 ayon sa sumusunod na indikeytor:
1.1 pang-unawang literal;
1.2 interpretasyon;
1.3 mapanuring pagbasa;
1.4 aplikasyon sa binasa; at
1.5 pagpapahalaga?
2. Ano-ano ang salik sa pagtuturo ang may relasyun sa pagpapaangat sa kamalayan ng mga estudyante sa panitikang panrehiyon?
3. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong pantulong na babasahing-pansanay sa Filipino 7 ang maaaring mabuo?

**Disenyo ng Pananaliksik**

Deskriptib na disenyo ng pananaliksik at kwantitatibong paraan ang ginamit sa pag-aaral na ito. Sa disenyong ito, wika nina Calmorin at Calmorin (2007) na ang pinakatuon ng pag-aaral ay ilarawan ang kasalukuyang kondisyon ng mga pinag-aaralang baryabol at phenomenon. Nilalayon din ng disenyong ito na tumuklas ng panibagong katotohanan. Ang mga natutuklasang katotohanan ay maaaring magtaglay ng bagong anyo tulad ng pagtaas ng antas ng kamalayan at kaalaman, bagong simulain, batas at paglalahat, bagong ugnayan ng mga baryabol at bagong pagtatakda ng mga suliranin na kailangan ng lunas.

Mahalaga ang palarawang pananaliksik (deskriptibo) sa paglalatag ng mga datos na maaaring pagbatayan ng siyentipikong mga hatol, paghahain ng mga kaalaman tungkol sa kalikasan ng mga phenomenon, pagsasagawa ng malapitang obserbasyon at balidasyon sa gawi, saloobin, mga patakaran at Pagbabalangkas ng mga polisiya ng iba't ibang larang at disiplina (Calmorin at Calmorin, 2017). Nasa uring kwalitatibo naman ang pag-aaral kung pag-aaral kung ito ay ginamitan ng pakikipanayam. Angkop ang desinyong ito sa kasalukuyang pag-aaral dahil ang tunguhin nito ay tukuyin ang antas ng kabatiran ng mga estudyante sa panitikang panrehiyon-Filipino 7 ng mga estudyante ng mataas na paaralang pambansa ng Lungsod ng Tarragona. Ang mga datos na nalikom ay ginawang batayan sa pagbuo ng mga suplemental na gawaing pansanay sa Filipino.

**Mga Kalahok ng Pag-aaral**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga estudyante ng ikapitong baitang (Grade 7) ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Lungsod ng Caraga, Sangay ng mga Paaralang Dibisyon ng Davao Oriental, para Taong Panuruan 2024-2025. Distribusyon ng mga Kalahok ng Pag-aaral. Mga Pangkat: Baitang 7- Seksyon 1 ay 28, Baitang 7- Seksyon 2 ay 32, Baitang 7- Seksyon 3 ay 35, Baitang 7- Seksyon 4 ay 69, Baitang 7- Seksyon 5 ay 30 lahat na kabuuan ay 165 mula sa 310 populasyon Ginamit ng mananaliksik ang Slovin formula upang tukuyin ang bilang ng mga respondente sa pag-aaral 0.05% marginal pagkakamali. Ginamit sa pag-aaral na ito ang simple random ng mga estudyante ng ikawalong baitang. May limang na pangkat na kalahok ng pag-aaral. Makikita sa talahanayang ang pangkat. Ang kabuuang bilang ng mga estudyante ng baitang 7 na nasasangkot sa pag-aaral na ito ay 165. Ang mga pamantayan para sa pagsali sa pag-aaral ay ang mga sumusunod: Ang mga estudyante ng ikawalong baitang sa isang pampublikong elementaryang paaralan sa loob ng Lungsod ng Caraga, sa Dibisyon ng Davao Oriental para sa taong panuruan 2024–2025.

**Instrumento sa Pananaliksik**

Dahil sa kawalan ng istandardisadong talatanungan, minarapat ng mananaliksik na maghanda ng talatanunggang susukat sa pinag-aaralang baryabol. Kinasangkapan ng mananaliksi sa pag-aaral na ito ang talatanungan upang matuklasan ang antas kamalayan ng mga estudyante sa panitikang panrehiyon. Ang talatanungang ito ay ay binuo ng limang bahagi. Bawat indikeytor ay may limang aytem na siyang maglalarawan sa katayuan ng mga paksang pinag-aaralan.

Ang bawat indikeytor ay may tig-lilimang aytem. Bawat aytem ay akmang sinuri ng mga dalubhasa upang matamo ang pagka-balido nito at matugunang ang lahat ng katanungang hinihingi sa pag-aaral upang mailatag ang pagkamapanghahawakan ng instrument, sinubok ito gamit ang angkop na Reliability Test-Retest at lumabas ang Cronbach alpha na 0.940 o mataas na antas ng reliability. Ang mga aytem ay kinuha mula sa mayamang literaturang naging bahagi ng pag-aaral na ito. Ito ay mahusay na binuo ng mananaliksik sa tulong ng kaniyang tagapayo. Ang mga aytem ay ibinatay sa rebyu ng kaugnay na pag-aaral at mga literatura. Pinili lamang ang mga aytem na magbibigay larawan sa pag-aaral pagkatapos ng ilang konsultasyon sa kaniyang tagapayo. Inilimbag ang pangwakas na sipi pagkatapos masuri ng mga dalubhasa upang matukoy ang pagkabalido nito. Matapos maisagawa ang pagtutuwid at balidasyon, nagpakopya ang mananaliksik ng sapat na bilang ng tatanungan para sa paglikom ng mga datos.

**Pangangalap ng Datos**
Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Davao Oriental, upang maisasagawa ang pag-aaral. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-uganayan siya sa punog-guro (school manager) ng paaralan, kung saan ginawa ang pag-aaral. Pinangasiwaan ng mananaliksik at ilang mga guro ng Filipino ang pagbibigay ng pagsusulit. Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na tugon ng mga estudyante gamit ang mga angkop na formula ng estadistika.

**Pagsusuri ng Datos**
Ang sumusunod na formula sa estadistika ay ginamit ng mananaliksik para sa pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos:
Ang Mean ay gagamitin upang mabunyag ang antas ng kamalayan sa panitikang panrehiyon.

## RESULTA AT TALAKAYAN

**Talahanayan 1.** ***Antas ng Kamalayan sa Panitikang Panrehiyon***

| BIg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pag-unawang Literal | 3.25 | Katamtaman |
| 2. | Interpretasyon | 3.20 | Katamtaman |
| 3. | Mapanuring pagbasa | 3.09 | Katamtaman |
| 4. | Aplikasyon sa Binasa o Paglalapat | 3.07 | Katamtaman |
| 5. | Pagpapahalaga | 3.04 | Katamtaman |
| | **Kabuuan** | **3.13** | **Katamtaman** |

Naihahanay sa Talahanayan Bilang 1 ang mga datos na nagpapakita ng mga mean rating sa antas ng kamalayan sa panitikang panrehiyon. Ang pag-unawang literal ay nagkamit ng mean reyting na (3.25) o katamtaman. Ang ikalawang indikeytor na interpretasyon ay nagtamo ng mean na (3.20) o katamtaman. Ang ikatlong indikeytor ng kamalayan sa panitikang panrehiyon, na mapanuring pagbasa ay nagtamo ng mean rating na (3.09) o katamtaman. Ang ikaapat na indikeytor, aplikasyon sa binasa o paglalapat ay nagtamo ng mean rating na (3.07) o katamtaman. Ang indikeytor na pagpapahalaga ay umani ng mean rating na (3.04) o katamtaman. Ang pangkalahatang mean para sa kamalayan sa panitikang panrehiyon ay (3.13) na may palarawang katumbas sa katamtaman.

Ang pangkalahatang mean tungkol antas ng kamalayan sa panitikang panrehiyon ng mga estudyante ay natagpuan nasa eskala ng antas katamtaman. Nangangahulugang kasiya-siya ang performance ng mga estudyante kung ang susukatin ang kanilang kamalayang sa panitikang panrehiyon. Mapapasing ang mga mean score na nakuha ng mga kalahok ay pawang nasa eskala ng antas katamtaman. Nangangahulugan itong 80 hanggang 84 bahagdan ng mga kasanayang nauukol sa kamalayan sa panitikang panrehiyon ay natamo ng mga estudyante. Ito ay nagsasabi na kaialangan pang maglaan ng mga pamamaraan na magpapalakas sa kanilang kamalayan at pang-unawa sa sariling rehiyon.

***Mga Salik sa Pagtuturo ng Panitikang Panrehiyon ang may Relasyon sa kamalayan ng Estudyante***
Ang mananaliksik ay nagtuturo sa isang paaralan na nagpapatupad ng tanging kurikulum para sa kursong panlahat (general curriculum). Ang sumusunod ay mga salik na natukoy mula sa panayam. Mga Salik ng Pagtuturo, Maunlad na Kasanayan sa Pagbasa, Sapat na Kagamitang Pampagtuturo at ayon sa paliwanag nina Abad at Alwright, ang kagamitang pampagtuturo ay tumutukoy sa lahat ng bagay sa loob ng silid-aralan na maaaring gamitin upang makatulong sa proseso ng pagkatuto, at nagsisilbi ring gabay ng guro sa kanyang pagtuturo. Idiniin pa ni Abad (1996) na ang mga kagamitang ito ay nagsisilbing kasangkapan sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, kasanayan, pananaw, damdamin, at pagpapahalaga na nagpapadali sa konkretong pag-unawa ng mga estudyante. Ang paggamit ng mga ito ay nagdudulot ng aktibo, makabuluhan, at mas malalim na karanasan sa pagkatuto. Dahil dito, malinaw na ang sapat at maayos na kagamitan ay mahalagang salik upang maging epektibo ang pagtuturo at matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante sa pagkatuto.

Ang mga aralin ay ginagawang daan upang tuklasin ang mga kaalaman at estratehiya hinggil sa isang partikular na paksa. Ang mga ito ay maaaring nakalathala sa tradisyunal na anyo tulad ng mga aklat o makuha online bilang mga e-book at digital na sanggunian. Kaya naman, ang pagbibigay-halaga sa nilalaman ng aralin ay may malaking ambag sa matagumpay na pagkatuto. Ayon sa mga pag-aaral, ang pagpapahalaga sa aralin ay maaaring magsilbing motibasyon ng estudyante upang higit niyang pagtuunan ng pansin ang paksa. Ito rin ay nagiging susi sa pagbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa panitikan. Sa pamamagitan nito, mas tumitibay ang koneksyon ng estudyante sa araling kanyang pinag-aaralan. Kaya't napakahalaga na ang mga aralin ay maging makabuluhan at kaugnay sa kanilang karanasan at konteksto. Sa ganitong paraan, nabibigyang saysay ang edukasyon sa panitikan. Tumataas din ang antas ng partisipasyon at interes sa klase. Ito ay mahalagang pundasyon sa pag-unlad ng kamalayang panliterasi.

Batay kay Baltazar (1977), ang pagbasa ay pangunahing kasangkapan upang makamit ang kaalaman sa iba't ibang larangan ng buhay. Tinatayang siyamnapung porsyento ng mga natututuhan ng tao ay nagmumula sa kanyang mga karanasan sa

pagbasa. Sa ganitong paraan, nahuhubog ang mas malawak na kaisipan ng estudyante na nagreresulta sa pagkakaroon ng masinsinang pang-unawa, kakayahang magbigay ng lohikal na argumento, at pagtukoy sa mga implikasyong nilalaman ng binasa. Bukod dito, nakatutulong ito sa pagpapalawak ng bokabularyo, pagkakaugnay ng mga ideya, at paglinang ng analitikal na kaisipan. Kapag taglay ng estudyante ang mataas na antas ng kasanayan sa pagbasa, mas nagiging malikhain siya sa pagpapakahulugan sa panitikan. Nagkakaroon din siya ng kakayahang mag-ugnay ng konsepto sa mga tunay na karanasan. Dahil dito, nagiging epektibong tulay ang pagbasa sa pag-unawa ng masalimuot na anyo ng akdang pampanitikan. Kaya't ang kasanayang ito ay dapat paunlarin upang maging batayan ng mas malawak pang pagkatuto. Sa huli, ang maunlad na kasanayan sa pagbasa ay hindi lamang para sa panitikan kundi para sa lahat ng larangan ng karunungan.

## KONKLUSYON

Batay sa malalim na pagsusuri ng mga resulta, napagpasyahan ng mananaliksik ang sumusunod na kongklusyon: ang antas ng kamalayan ng mga estudyante sa panitikang panrehiyon ay nasa katamtamang lebel. Ipinapahiwatig nito na bagaman may batayang kaalaman ang mga estudyante, kailangan pa rin ng mas masinsinang pagpapalawak sa kanilang pag-unawa. Ilan sa mga salik na nakitang mahalaga upang mapaunlad ang pagtuturo ng Filipino ay ang mahusay na kasanayan sa pagbasa, sapat at angkop na kagamitang panturo, at mataas na antas ng pagpapahalaga sa nilalaman ng aralin. Bunga ng mga natuklasang ito, nakabuo ang mananaliksik ng mga pagsasanay na maaaring maging kapaki-pakinabang sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ng panitikang panrehiyon. Layunin ng mga pagsasanay na ito na linangin ang kasanayan ng mga estudyante sa pagbasa, pag-unawa, at paglalapat ng kaalaman. Gayundin, inaasahang magbibigay ito ng suporta sa mga guro upang maging mas makabuluhan ang kanilang pagtuturo. Sa ganitong paraan, mas magiging interaktibo at makabansa ang pag-aaral ng panitikan sa Baitang 7. Ang paglinang ng kamalayang panrehiyon ay hakbang tungo sa mas malalim na pagkilala sa kulturang Pilipino. Sa huli, ang pagbuo ng mga angkop na materyales ay tumutugon sa pangangailangang pedagogikal ng kasalukuyang henerasyon ng mga estudyante.

## REKOMENDASYON

Batay sa mga natuklasan at nalinang na konklusyon ng pananaliksik, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inihaharap ng mananaliksik para sa mga guro ng Filipino at iba pang kinauukulan. Iminumungkahi na higit pang palalimin at pag-ibayuhin ang paggamit ng wikang Filipino sa pagtuturo, partikular sa Baitang 7, sa pamamagitan ng mas sistematikong paglinang ng mga kasanayan sa pagbabasa at pag-unawa. Mainam din na magsagawa ang mga paaralan ng aktibong inisyatiba sa pagbuo at paglalathala ng mga babasahin at journal na nakatuon sa wikang Filipino, lalo na yaong nakasentro sa panitikang panrehiyon—mga akdang nagmula sa rehiyon ng Lungsod ng Caraga sa ilalim ng Dibisyon ng Davao Oriental. Sa mga aspekto ng kamalayan na hindi nasaklaw ng kasalukuyang pag-aaral, iminungkahi rin ang mas malalim na pananaliksik upang mapunan ang mga kakulangan. Hinihikayat ang paggamit ng inihandang kagamitang pampagkatuto na binuo mula sa pag-aaral na ito, at ang pagsasagawa ng sistematikong ebalwasyon hinggil sa bisa at epekto nito sa aktwal na pagtuturo. Makakatulong ito upang matukoy ang mga aspektong maaaring paunlarin o baguhin para sa higit na bisa. Bukod dito, ang resulta ng naturang ebalwasyon ay maaaring gamiting batayan sa pagpapayabong ng mga susunod pang kagamitang pampagtuturo. Ang patuloy na rebisyon at inobasyon sa mga kagamitang ito ay makatutulong sa mas mataas na antas ng kamalayang panrehiyon ng mga estudyante. Sa ganitong paraan, higit na mapauunlad ang pagtuturo ng panitikan sa wikang Filipino sa kontekstong lokal. Inaasahan ding maging inspirasyon ito sa mga susunod na pag-aaral na nakatuon sa panitikan ng rehiyon at sa pagbubuo ng mga kaugnay na materyales

**MUNGKAHING PROGRAMA: "Panitikang Bayan, Puso ng Rehiyon"**

**Layunin:** Itaas ang kamalayan, pagpapahalaga, at aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikang panrehiyon.

**I. Layunin ng Programa**

1. Maipakilala sa mga mag-aaral ang iba't ibang anyo ng panitikang panrehiyon.
2. Mapalalim ang pag-unawa sa kultura, kasaysayan, at identidad ng sariling rehiyon sa pamamagitan ng panitikan.
3. Mahikayat ang mga mag-aaral na lumikha at magbahagi ng sariling akdang pampanitikan na may temang rehiyonal.

**II. Target na Benepisyaryo**

- Mga mag-aaral sa junior at senior high school
- Guro sa Filipino, Araling Panlipunan, at Edukasyon sa Pagpapakatao

**III. Mga Inaasahang Resulta**

- Tumaas ang porsyento ng mag-aaral na may sapat na kaalaman at pagpapahalaga sa panitikang panrehiyon.
- Pagkakaroon ng regular na mga aktibidad na nakasentro sa panitikang lokal.
- Paglikha ng mga mag-aaral ng sariling tula, maikling kwento, dula, at sanaysay gamit ang wika ng rehiyon.

**IV. Inisyatibo at Gawain**

| Gawain | Layunin | Panahon | Tungkulin |
|---|---|---|---|
| **Aklatang Panrehiyon (Reading Corner)** | Magpakilala ng mga aklat at babasahing rehiyonal | Buong taon | Guro at tagapangasiwa ng silid-aklatan |
| **Buwan ng Panitikang Panrehiyon** | Magdaos ng patimpalak tulad ng Balagtasan, Dulang Panlansangan, at Storytelling | Abril | Kagawaran ng Wika |
| **Panitikan Ko, Ibahagi Ko** | Pagbabasa at pagbabahagi ng mga kwento ng mga lolo/lola o lokal na alamat | Quarterly | Mga mag-aaral |
| **Seminar para sa Guro** | Pagsasanay sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon | Taunan | Tagapamahala ng paaralan |
| **Panitikang Rehiyonal Exhibit** | Ipakita ang mga likhang sining at akda ng mga mag-aaral | Semestral | Club sa Panitikan at Guro |

**V. Paraan ng Pagsusuri at Ebalwasyon**

- **Pre- at Post-Survey** tungkol sa kaalaman sa panitikang panrehiyon
- Portfolio ng mga likhang pampanitikan
- Rubric-based na pagtatasa ng mga output at presentasyon
- Feedback mula sa guro, magulang, at mag-aaral

**A. Formatibo at Sumatibong Pagsusuri**

| Uri ng Pagsusuri | Layunin | Panahon ng Pagsasagawa | Pamamaraan |
|---|---|---|---|
| **Pre-Program Survey** | Sukatin ang baseline o panimulang antas ng kaalaman at kamalayan ng mag-aaral sa panitikang panrehiyon | 1 linggo bago ang paglulunsad ng programa | - 15-item multiple choice/likert scale survey<br>- Kasama ang aspeto ng: kaalaman, saloobin, at antas ng interes |
| **Post-Program Survey** | Tukuyin ang pagtaas ng kaalaman at interes matapos ang programa | 1 linggo pagkatapos ng programa | - Katulad ng pre-survey para sa validong paghahambing<br>- Pagtutuunan ng pansin ang aspekto ng pagkatuto at pagbabago ng pananaw |
| **Refleksyon ng Mag-aaral** | Sukatin ang lalim ng pag-unawa at personal na ugnayan sa panitikan | Tuwing pagtatapos ng aktibidad o proyekto | - Talang sanaysay o "learning journal"<br>- Gabay na tanong: "Ano ang natutunan ko?" "Bakit ito mahalaga sa aking pagkatao at kultura?" |
| **Ebalwasyon ng Guro** | Sukatin ang partisipasyon, pagkatuto, at kalidad ng output ng mag-aaral | Matapos ang bawat aktibidad | - Rubric-based na pagmamarka sa gawaing pampanitikan (tula, kwento, sanaysay, dula)<br>- Obserbasyon sa talakayan at presentasyon |
| **Portfolio Assessment** | Sukatin ang kabuuang progreso ng mag-aaral | Sa pagtatapos ng semestre | - Koleksyon ng mga gawaing pampanitikan<br>- Repleksyon sa bawat akda<br>- Self-assessment at peer review sheet |
| **Interview o Focus Group Discussion (FGD)** | Makakalap ng mas malalim na pananaw ukol sa epekto ng programa | Mid-program at post-program | - 5-10 piling mag-aaral bawat baitang<br>- Bukas na tanungan tungkol sa epekto ng programa sa kanilang pagkilala sa sariling kultura |
| **Observation Checklist** | Masuri ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral | Sa bawat patimpalak o aktibidad | - Pamantayan sa obserbasyon: antas ng interes, kooperasyon, pagkamalikhain, at paggalang sa lokal na kultura |
| **Feedback Form mula sa Guro at Magulang** | Alamin ang pananaw ng ibang stakeholder | Sa huling bahagi ng programa | - Simpleng form na may bukas at saradong tanong tungkol sa epekto ng programa sa bata sa bahay at paaralan |

**B. Pamantayan sa Pagtataya ng Output ng Mag-aaral**
**Rubric sa Gawaing Pampanitikan**

| Kategorya | Napakahusay (4) | Mahusay (3) | Katamtaman (2) | Di-Kasapatan (1) |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Malalim, may koneksyon sa panitikang panrehiyon, orihinal | May ideya at ugnay sa panitikan | May ilang ideya ngunit hindi malinaw | Walang kaugnayan sa paksa |
| Estilo at Wika | Makulay, akma sa rehiyonal na anyo ng panitikan | Angkop at malinaw | May kaunting hindi malinaw na bahagi | Hindi maunawaan o di-wasto |
| Kultura at Identidad | Malinaw ang pagpapakita ng kulturang panrehiyon | May palatandaan ng lokal na tema | Bahagyang koneksyon | Wala o kulang sa ugnayan |
| Presentasyon | Malikhain at kapansin-pansin | Maayos at malinaw | Katamtamang husay | Magulo o kulang sa detalye |

**C. Pagtataya ng Tagumpay ng Programa**
Gagamitin ang mga sumusunod na **indikador ng tagumpay**:

- **75% o higit pa** ng mga mag-aaral ay nagpapakita ng pagtaas sa post-survey score kumpara sa pre-survey.
- **80% partisipasyon** sa mga inisyatibong may kaugnayan sa panitikang panrehiyon.
- **Kalidad ng output** ay papasa o hihigit sa markang "Mahusay" batay sa rubric.
- **Positibong feedback** mula sa guro at magulang ukol sa epekto sa pag-uugali at pagpapahalaga ng mga mag-aaral.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Almario (2019). Pagsasalin ng Ben Singkol ni F. Sionil Jose sa Filipino: Pagsipat sa Teksto at Konteksto Bilang Angkla ng Saling Pampanitikan. Malay, 29(2).*
2. *Azarias, R. A., & Capistrano, F. M. (2019). Teaching Difficulties in Pronunciation: The Case of Oral Communication Teachers. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 2(6), 361-373.*
3. *Braaksma at Couzijin (2019). Pag-unawa sa ating pagtula: Pagsusuri at kasaysayan ng panulaang Filipino. Inilathala at ipinamamahagi ng Anvil Pub..*
4. *Chi (2020). Ang Antas ng Institusyonalisasyon ng Sentro ng Wikang Filipino (SWF) Diliman Bilang Tagapamahala ng Wika sa Unibersidad ng Pilipinas. Malay, 31(2).*
5. *Cox (2019). Wikang FIlipino, Wikang Pa (pa) tay. Katipunan, 5(1), 1-1.*
6. *Cathy at Goldman (2024). Pagsasalin at Pagtuturo ng Literaturang Pilipino sa Pagbuo ng Pambansang Panitikan. Daloy, 5(1), 1-1.*
7. *Cruz (2020). Panitikang Pilipino, Panimula, jheff6.Tripod.com, 2005, nakuha noong 25 Abril 2019.*
8. *Da Silva (2019). Kapit sa Patalim, Liwanag sa Dilim: Ang Wika at Panitikang Filipino sa Kurikulum ng Kolehiyo (1996-2014). HASAAN, 2(1), 1-1.*
9. *De Long at Fahey (2020). Kasaysayan, sining, Lipunan: ang poLitiKa ng panitiKan sa MaKabagong panahon. Kritika Kultura, 24, 247.Allington (2020).*
10. *Dobai (2019). Manipestasyon ng Ika-21 Siglong Kasanayan at Mungkahing Gawaing Makalilinang ng Kasanayan sa Kurikulum ng Filipino ng Ikasampung Baitang. Asia Pacific Higher Education Research Journal (APHERJ), 7(1).*
11. *Erkaya (2019). Panitikan, Ideolohiya, Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng Nobelang Desaparasidos ni Lualhati Bautista. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
12. *Felipz. (2019). Panitikan ng Pilipinas, Pinoy Henyo Beta, PinoyHenyo.com, nakuha noong 25 Abril 2019.*
13. *Freeman, 2020). Ang Filipino Bilang Disiplina: Sakop, Lawak, at Potensiya ng Pagtuturo ng Panitikan Kaugnay ng Bagong Kurikulum Bunsod ng K to 12. Katipunan, 1(1), 1-1.*
14. *Gaboy, Luciano L. Empirical (2019). Gabby's Dictionary: Praktikal na Talahuluganang Ingles-Filipino ni Gabby/Gabby's Practical English-Filipino Dictionary, GabbyDictionary.com.*
15. *Georgiu at Verdugo (2020). Ekolohikong Imahinasyong Filipino: Bagyong Yolanda, Pagbabago sa Klima, at Imperyalismo sa Tula at Tuluyang Filipino. Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (4), 35-62.*
16. *Gibson (2007). Francisco, J. M. C. (1977). Panitikan at Kristiyanismong Pilipino: Ang Nagbabagong Larawan ni Kristo. Philippine Studies, 186-214.*
17. *Goatly (2020). Ang Pagtatag at Pag-unlad ng Programang Filipino at Pananaliksik Tungkol sa Pilipinas sa mga Unibersidad sa Tsina. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 26.*
18. *Goldman (2019). Panitikan, Ideolohiya, Rebolusyon: Edukasyon at Pedagohiya sa Pagbasa ng Nobelang Desaparasidos ni Lualhati Bautista. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
19. *Greene at Maxine (2020). Panitikang Bikol at ang Pagbuo ng Panitikang Pambansa. Malay, 30(1).*
20. *Goldman, 2019. Lokal na kasaysayan, Tayabas, Obra Maestrang Filipino, Rizal, Panitikan. MALAY, 29(1), 1-1.*
21. *Hearts (2020). Pagtataya sa Modularisasyon ng K-12 sa Asignaturang Filipino: Tungo sa Pagbuo ng Modelo ng Ebalwasyon para Kagamitang Panturo na Tutugon sa Ika-21 Siglong Kasanayan. The Normal Lights, 10(2).*
22. *Huntress (2019). Pagbuo at Balidasyon ng Interaktibong Modyul sa Pagtuturo ng Florante at Laura. PSU Multidisciplinary Research Journal, 3(1).*
23. *Isau. (2019). Panahon ng Nobela, google.public.translators, nakuha noong 25 Abril 2019.*
24. *Jenkins (2019). Kontra-Gahum: Pagsipat sa Tema, Pilosopiya at Ideolohiya ng Piling Kontemporaryong Tulang Radikal*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 7| July 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

*Tungo sa Kontekstwalisasyon ng Kritisismong Marxista. DALUMAT E-Journal, 1(1), 1-1.*

25. *Kampf, 2019). Ang Wika ng Pagpapalaya at ang Papel ng Akademya. Malay, 22(1).*
26. *Kashmir (2019). Ang Pagtuturo ng Wika at Kulturang Filipino sa Disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). Katipunan: Journal ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, (1).*
27. *Keulen, J. E. V. (1995). Why Is There an Overrepresentation of African Americans in Special Education Classes?. College of Education Review, 7, 76-88.*
28. *Kim (2020). Kung sino ang kumatha kina Bagongbanta, Ossorio, Herrera, Aquino de Belen, Balagtas, atbp: mga imbestigasyon sa panitikan ng kolonyalismo. Anvil Pub..*
29. *Kurland (2021). Looking into the Different Perceptions of Teachers Upon the Pending Removal of the Filipino.*
30. *Kuamag (2021). Ang Pagtuturo ng Wikang Filipino sa mga Pranses (Panayam). Daluyan: Journal ng Wikang Filipino.*
31. *Lacson, 2021). Notes on National Language & Literature Advocacy and Research Productivity: The Case for Filipino and Panitikan (Literature) as Required Subjects in Philippine Colleges and Universities. Available at SSRN 3519798.*
32. *Lynley (2021) at Travers (2020). Tungkol sa Realismo sa Nobelang Filipino. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 21(1).*
33. *Lee, Y. H., Kim, Y. T., Oh, G. J., Kim, N. H., Cho, K. H., Park, H. Y., ... & Kim, H. S. (2019). Effects of community-based education and advocacy intervention on public awareness about the warning signs of stroke and the golden window of time. Korean Journal of Health Education and Promotion, 32(1), 1-10.*
34. *Lambirth (2023). Pinakamahaba ang gabi sa panitikan: mga tula at poetika ng pangangapuhap.*
35. *Lewis at Ferreti (2019). Ang Pinag-aagawang Bata sa Panitikang Pambata: Folklore, Media at Diskurso ng Bata. Malay, 21(1).*
36. *Mead at Telly (2021). Ang Impluwensiyang Rizal sa Ilang Piling Anyo ng Panitikan at Pelikula sa Pagdaan ng Panahon. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 25.*
37. *Marshall (2019). Panitikan ng rebolusyon (g 1896): Isang paglingon at katipunan ng mga akda nina Bonifacio at Jacinto. University of the Philippines Press.Latindresse (2019).*
38. *Mirabel, 2021).. Pagtatanghal ng Tulang Akeanon: Papel ng Vernakular sa Pag-akda ng Pambansang Panitikan. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
39. *Moon (2019). Pitong Sulyap sa Pilosopiya ng Wika ni Padre Ferriols.*
40. *McPeck at Scriven (2019). Panitikan Png Pilipinas. Rex Bookstore, Inc..*
41. *Nibalvos, I. M. P. (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. Malay, 32(1).*
42. *Oatley at Hogan (2021). Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
43. *Ozdemir (2020). Panitikang Mapagpalaya o Mandaraya? Isang Holistikong Kritika sa Kasalukuyang Panitikang ginagamit sa Pagtuturo ng Filipino sa Baitang 7-10. Dalumat E-Journal, 5(1), 1-1.*
44. *Pineda, (2020). Panitikang Filipino Naka-arkibo 2009-01-24 sa Wayback Machine., Tungkol Saan ang Modyul na Ito? at iba pa, Wikispaces.com, pahina 1-51, nakuha noong 25 Abril 2009.*
45. *Pennebaker (2020). Tagalog/Pilipino/Filipino: Do they differ. Dila Blog. Available at: http://dila. ph/FilipinoisnotTagalog. pdf (accessed 31 August 2020).*
46. *Pithers at Soden (2020). Wika at Diwang Filipino sa Media at Komunikasyon sa UP. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, (2).*
47. *Pugh at Johnson (2023). ALAALANG PAMPANITIKAN: Si E. San Juan, Jr. sa Panitikang Filipino. Kritika Kultura, (26).*
48. *Rivas, Virgilio Aquino. (2019). Continuation from Literary Approaches by Virgilio Rivas, Kafka's Ruminations, An Instructional Tool in Teaching Philosophy and Related Disciplines, Daily/Weekly Personal Journal, 27 Hulyo 2019.*
49. *Sauco, (2019). Consolacion P. Panitikan ng Pilipinas, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc., ISBN 971-574-081-2, ISBN 978-971-574-081-4*
50. *Sauco, Consolacion P. (2019).Panitikan ng Pilipinas, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc., ISBN 971-574-081-2, ISBN 978-971-574-081-4*
51. *Swhwitzgebel (2019). Laranjo, R. O. (2019). Ang Klaster o Kambal-Katimg sa VVikang Filipino: Kasaysayan, Estruktura ng Silabol at mga Prinsipyo. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 23.*
52. *Tolentino, 2019). Pagtahak sa kristal na uniberso: ang sentimentalismo sa panulaang Filipino.*
53. *Wigfield at Gutrie (2020). Hagkis ng Halakhak: Ang Nagpapatuloy na Kabuluhan ng Kritika ni Hernandez sa Pulitika sa Magkabilang Mukha ng Isang Bagol. Social Science Diliman, 8(2).*
54. *Winz at Niona (2020). Sulyap sa Buhay ng mga Gurong Nagtuturo ng Filipino bilang Out-of-field: Isang Penomenolohikal na Pagsusuri. The Normal Lights, 14(2).*